

---

## M isyon

Ang Alta California Regional Center ay lumilikha ng mga pagtutulungan upang suportahan ang lahat ng mga karapat-dapat na tao na may mga kapansanan sa isip at/o pag-unlad, mga batang nanganganib, at ang kanilang mga pamilya sa pagpili ng mga serbisyo at mga suporta sa pamamagitan ng indibidwal na buong-buhay na pagpapalano bilang paraan upang magkamit ng malusog at produktibong mga buhay sa kanilang sariling mga komunidad.

## B isyon

Isang komunidad kung saan ang mga taong may kapansanan sa isip at/o pag-unlad ay pinahahalagahang mga miyembro na tinatrato nang may dignidad at respeto.

---

### Saan matatagpuan ang Alta?

Ang Alta California Regional Center ay may walong opisina. Ang mga taong naghahangad ng tulong o impormasyon ay dapat tumawag sa pinakamalapit na opisina.

#### GRASS VALLEY

333 Crown Point Circle,  
Suite 200  
Grass Valley, CA 95945  
(530) 272-4231 {boses}  
(530) 272-4637 {fax}

*[Mga County ng Nevada at  
Sierra]*

#### PLACERVILLE

344 Placerville Drive, Suite 1  
Placerville, CA 95667  
(530) 626-1353 {boses}  
(530) 626-0162 {fax}

*[County ng Kanlurang  
El Dorado]*

#### ROSEVILLE

516 Gibson Drive,  
Suite 150  
Roseville, CA 95678  
(916) 437-6900 {boses}  
(916) 978-6583 {fax}

*[County ng Placer]*

#### TRUCKEE

13450 Donner Pass Road,  
Suite B  
Truckee, CA 96161  
**Koreo:** PO Box 11049  
Truckee, CA 96162  
(530) 414-8471 {boses}  
(530) 550-2217 {fax}

*[Mga County ng Sierra,  
Nevada, at Placer]*

#### SACRAMENTO

2241 Harvard Street, Suite 100  
Sacramento, CA 95815  
(916) 978-6400 {boses}  
(916) 489-4241 {TDD}  
(916) 489-1033 {fax}

*[County ng Sacramento]*

#### SOUTH LAKE TAHOE

Starlake Building  
2489 Lake Tahoe Boulevard  
Suite 1  
South Lake Tahoe, CA 96150  
(530) 314-5970 {boses}  
(530) 314-5971 {fax}

*[Mga County ng Alpine,  
Placer, Nevada, at Silangang  
El Dorado]*

#### WOODLAND

250 West Main Street,  
Suite 100  
Woodland, CA 95695  
(530) 666-3391 {boses}  
(530) 666-3831 {fax}

*[County ng Yolo]*

#### YUBA CITY

950 Tharp Road, Suite 202  
Yuba City, CA 95993  
(530) 674-3070 {boses}  
(530) 674-7228 {fax}

*[Mga County ng Sutter,  
Yuba, at Colusa]*



Naglilingkod sa mga Taong may  
Kapansanan sa Pag-unlad  
at sa Kanilang mga Pamilya

# Alta California Regional Center

[www.altaregional.org](http://www.altaregional.org)

ACRC website:  
[www.altaregional.org](http://www.altaregional.org)

## Ano ang Alta California Regional Center?

Ang Alta California Regional Center (Alta) ay ang ahensiya sa komunidad kung saan ang mga taong may kapansanan sa pag-unlad at ang kanilang mga pamilya ay tinutulungan upang magamit ang mahahalagang pampubliko at pribadong mga serbisyo upang matugunan ang kanilang natatanging mga pangangailagan.

Ang Alta ay isa sa network ng 21 panrehiyong sentro sa California na itinatag ng Lanterman Mental Retardation Services Act of 1969. Ang Alta ay isang pribadong dinagtutubong korporasyon na nagtatrabaho sa ilalim ng kontrata sa California Department of Developmental Services.

## Sino ang karapat-dapat tumanggap ng mga Serbisyo ng Alta?

Sinumang residente ng mga County ng Alpine, Colusa, El Dorado, Nevada, Placer, Sacramento, Sierra, Sutter, Yolo o Yuba na alam o hinihinalang may kapansanan sa pag-unlad ay karapat-dapat tumanggap ng mga serbisyo mula sa Alta.

Alinsunod sa Lanterman Developmental Disabilities Act (AB846), ang “**kapansanan sa pag-unlad**” ay nangangahulugang isang kapansanan na dulot ng pagkaantala ng isip, cerebral palsy, epilepsy, autismo, o ibang nakakahadlang na mga kondisyon na napag-alamang malapit ang kaugnayan sa pagkaantala ng isip o nangangailangan ng paggamot na katulad ng kinakailangan ng mga taong may pagkaantala ng isip. Ang naturang kapansanan ay dapat magsimula bago umabot ang tao sa edad na 18, nagpapatuloy o inaasahang magpapatuloy nang hindi tiyak kung hanggang kailan, at bumubuo ng isang malaking paghadlang para sa naturang mga tao.

Ang Alta ay hindi nagtatangi o nagkakait ng mga serbisyo o ibang mga benepisyo batay sa kita, lahi, kulay, kasarian, relihiyon, paniniwala, bansang pinagmulan, o katayuang pampulitika.

## Anu-anong mga suporta ang maipagkakaloob ng Alta?

- Edukasyon sa komunidad tungkol sa mga kapansanan sa pag-unlad
- Pagbuo ng tagatulong sa komunidad
- Pagkonsulta sa pampubliko at pribadong mga ahensiyang naglilingkod sa mga taong may kapansanan sa pag-unlad
- Buong buhay na mga serbisyo para sa karapat-dapat na mga kliyente
- Suportang pagpapayo/pagrekomenda
- Pagsusuri at pagtaya
- Mga serbisyong maagang pamamagitan para sa mga sanggol na may kapansanan sa pag-unlad at sa kanilang mga pamilya
- Ekspertong testimonya para sa mga kliyente ng panrehiyong sentro na humaharap sa mga hukuman
- Pagrekomenda sa henetikong pagpapayo
- Pagpapalano ng Indibidwal na Programa (Individual Program Planning, IPP)
- Impormasyon at pagrekomenda
- Pagsusuri bago ang panganganak
- Pagbili ng mga kailangang serbisyo
- Pag-uugnay ng serbisyo (pamamahala ng kaso)

## Anu-anong mga serbisyo ang binibili ng Alta?

Iba't ibang mga serbisyo ang maaaring bilhin depende sa mga pangangailangan ng kliyente at nakahandang pagpopondo mula sa pang-estado at pederal na pamahalaan. Bilang karagdagan, ang Alta ay may tungkulin na hinihingi ng batas na tukuyin at pagsikapan ang makukuhang panghaliling mga pinagkukunan ng pagpopondo (mga pangkaraniwang pinagkukunan) bago gumawa ng pagbili. Ang

mga serbisyong binibili ng Alta ay dapat magkaroon ng kaugnayan sa kapansanan sa pag-unlad at pagtaya ng pangangailangan ng kliyente. Ang ilan sa pinakakaraniwan na binibiling mga serbisyo ay:

- 24-na oras na pangangalaga sa labas ng bahay
- Pang-araw na programa sa nasa hustong gulang
- Mga serbisyo sa independiyenteng paninirahan
- Pangangalaga upang makapagbigay ng pahinga
- Transportasyon

## Ano ang gastos sa mga serbisyo ng Alta?

Walang singil para sa mga serbisyong ipinagkakaloob sa panahon ng pagsusuri at pagtaya para sa pagiging karapat-dapat. Ang estado ng California ay kasalukuyang nag-aatas sa mga magulang ng mga batang wala pang 18 taong gulang na nasa patuloy na 24-na-oras na paglalagay sa labas ng bahay na bayaran ang estado para sa isang bahagi ng gastos sa paglalagay, alinsunod sa kanilang kakayahang magbayad. Para sa mga magulang na may mga anak na 3 hanggang 17 taong gulang, naninirahan sa bahay at tumatanggap ng tulong upang makapagbigay ng pahinga at pangangalaga sa araw, maaaring may kabahagi sa gastos batay sa Plano sa Paglahok ng Pamilya sa Gastos (Family Cost Participation Plan, FCPP). Ang batas na ito, ipinasa noong Enero 1, 2005 ay nagtatag ng FCPP at ang mga pamilya ay tatayahin batay sa mga pamantayan ng FCPP, laki ng pamilya, bilang ng mga kliyente sa pamilya, at antas ng kita. Mayroon din Taunang Bayad sa Programa sa Pamilya (Annual Family Program Fee, AFPP). Ang AFPP ay pinaiiral sa lahat ng mga pamilyang may isang batang wala pang 18 taong gulang na tumatanggap ng mga serbisyong higit sa pamamahala ng kaso. Ang mga pamilya ay tinataya batay sa mga antas ng kita na may bayad na \$150 o \$200 kada taon.